FILIPINO

# To Have and to Hold

NAVIGATING THROUGH MARRIAGE TOGETHER

# To Have and to Hold

FILIPINO

EVERY NATION
PRODUCTIONS

**Marriage Topical VGM (Part 2) | Pain Points in Marriage**

© 2023 ng Every Nation Productions
Reserbado ang lahat ng karapatang pagmamay-ari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Edgar and Jeng Gorre, Pastor Chico and Mary Anne Peña, Pastor Rommel and Maan Sumaway, Pastor Andrei and Jhorace Tupas, Pastor Ernie Aragon

Isinalin mula sa lathalaing Ingles ng EVERY NATION PRODUCTIONS

Email: productions@everynation.org.ph

Reserbado ang lahat ng karapatang pagmamay-ari. Walang anumang bahagi ng lathalaing ito ang maaaring kopyahin, elektroniko man o hindi, kabilang ang pagkopya gamit ang rekorder at iba pang makinarya nang walang pormal na nakasulat na pahintulot mula sa EVERY NATION PRODUCTIONS.

Ang lahat ng sipi ng Kasulatan, maliban na lamang kung binanggit, ay mula sa Ang Salita ng Dios® (ASND), karapatang pagmamay-ari © 2015 ng Biblica, Inc.® at ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®

Reserbado ang lahat ng karapatang pagmamay-ari.

Binuo sa Republika ng Pilipinas

# CONTENTS

Panimula ........................................ v

1. Hindi Maiiwasan ang Pagtatalo ........................................ 1
2. Magkasama sa Lahat ng Ito ........................................ 6
3. Nangungusap na Pagmamahal ........................................ 13
4. Mga Bagay tungkol sa Salapi ........................................ 21
5. Isang Pagsasamang Hindi Matitinag ........................................ 26
6. Biyenan, Hindi Kalaban ........................................ 31

## PANIMULA

Ang pag-aasawa ay ideya ng Diyos, kung saan pinag-iisa Niya ang dalawang tao sa pag-ibig at pagsasama. Sa relasyong ito, ang dalawang tao ay nagiging isa at nangangakong sila ay magiging tapat sa kanilang pagmamahal sa isa't isa. Sa babasahin para sa mga *Victory group* na *A Cord of Three Strands*, pinag-usapan natin ang tungkol sa mga biblikal na pundasyon ng pag-aasawa. Natutunan nating ang pag-aasawa ay hindi lamang isang pagsasama, kundi isang ugnayang itinatag ng Diyos kung saan pinag-iisa Niya ang isang lalaki at isang babae upang tuparin ang layunin ng Kanyang kaharian.

Nakita rin natin kung paano lumihis ang tao sa orihinal na disenyo ng Diyos noong nagkaroon ng kasalanan. Dahil sa ating kasalanan, hindi na maiiwasan ang alitan sa anumang relasyon, kasama na ang pag-aasawa. Ang babasahin nating *For Better or Worse* ay nagbibigay ng kaunawaan tungkol sa pinanggagalingan ng alitan sa konteksto ng pag-aasawa at kung paano mapagtatagumpayan at malulutas ng mga mag-asawa ang mga alitang ito sa pamamagitan ng gabay at biyaya ng Diyos.

Ang salita ng Diyos ay nagbibigay ng napakahalagang gabay kung paano haharapin ng mga mag-asawa ang iba't ibang pagsubok, kung saan binibigyang-diin ang mga prinsipyo ng pag-ibig, pagpapatawad, at pagpapakumbaba. Ang *To Have and to Hold* ay isang babasahin kung saan pag-aaralan natin ang mga pangunahing katuruan ng Bibliya tungkol sa paglutas sa alitan ng mag-asawa nang nagbibigay-diin sa kahalagahan ng paglagay sa Diyos sa sentro ng relasyon kabilang na rin ang komunikasyon, pagpapatawad, at pagiging di-makasarili.

Sa pag-aasawa, kailangan na magkasamang harapin ng mag-asawa nang buong tapang ang ilang mga isyu. Nagmumula man ito sa komunikasyon, salapi, pisikal na ugnayan, o pakikipag-ugnayan sa mga biyenan, nagkakaroon ng mga alitang maaaring makasira o magpatibay sa relasyon ng mag-asawa.

Ang mabuting balita ay hindi tayo iniwang mag-isa ng Diyos sa pagharap natin sa mga pagsubok. Ibinigay Niya sa atin ang Kanyang salita para gabayan tayo sa ating landas. Mayaman ang Bibliya sa karunungang makakatulong sa mga mag-asawang harapin ang mga pagsubok na ito. Ibinigay din ng Diyos ang Kanyang Banal na Espiritu para tulungan tayong mamuhay nang matagumpay sa lahat ng aspeto ng ating buhay. Sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihang kumikilos sa ating buhay, nagiging maayos ang ating buhay mag-asawa, sa kabila ng mga pagsubok. Bilang epekto nito, maaari rin nating matulungan ang ibang tao na maranasan ang Kanyang tagumpay sa kanilang buhay.

Nawa'y makatulong ang materyal na ito na palalimin ang ating pananampalataya at bigyan tayo ng bagong pananaw para matulungan tayong harapin ang mga pagsubok sa paraang magbibigay karangalan sa Diyos at magpapatatag ng ating pagsasama bilang mag-asawa. Nawa'y palaguin nito ang pag-ibig na nag-uugat sa pananampalataya na aakay sa mga tao patungo sa Diyos at magdadala sa relasyon ng mag-asawa pabalik sa Kanyang orihinal na disenyo.

*Para sa Victory Group Leader*

Para sa ilang tao sa iyong *Victory group*, ang pagtalakay sa mga paksa sa materyal na ito ay maaaring humantong sa mga pag-uusap maliban sa nakalaan para sa *Victory group*, o pagkonsulta sa isang propesyonal na *counselor* o tagapayo, o kaya ay karagdagang ministeryo o pagtulong. Narito ang ilang mga *tip*, o mga maaaring gawin:

- Humingi ng karunungan mula sa Banal na Espiritu at maingat na talakayin ang bawat paksa, nang may pagtitiwalang ipapakita sa iyo ng Diyos kung paano ka makakapagministeryo sa mga nasa *Victory group*. Magplano ng maaga at maging handa kung paano man pamumunuan ng Banal na Espiritu ang inyong talakayan.
- Makinig nang walang panghuhusga o anumang paunang kaisipan. Huwag ipagsawalang bahala ang pagbabahagi ng tao at ang mga kwento nila sa pamamagitan ng pagsabi ng

mga salitang gaya ng: kailangan mo lang manampalataya, magdasal ka lang, at mas malala pa nga 'yung nangyari sa ibang tao. Maging maingat sa mga paksang ito at alalahanin na ang iba't ibang tao ay may kani-kaniyang maling kaisipan at mga nararamdamang sakit tungkol sa mga paksang ito.

- Sabihin ang katotohanan nang may pagmamahal. Hingin sa Diyos ang pang-unawa at karunungan, nang may pagtitiwala na babaguhin Niya tayo. Tandaan ang proseso ng pagbabago: katotohanan, pagsisisi, at pananampalataya. Lahat tayo ay nasa proseso ng pagpapabanal, at ang pagkakaroon ng magandang espirituwal na kalagayan ay isang paglalakbay. Ang hinahangad natin ay patuloy na pag-unlad at hindi pagiging perpekto. Bagama't hindi natin alam ang lahat ng kasagutan, hindi natin hinahangad ang agad-agad na resulta at tayo ay dapat na sama-samang maglakbay sa pagdidisipulo.
- Humingi ng tulong mula sa ibang *Victory group* lider at sa mga pastor, kung kinakailangan. Igalang at pangalagaan ang pagka-pribado ng mga tao sa iyong grupo, at maging maingat sa pagbabahagi ng mga pribadong impormasyon.

Sama-sama tayong magministeryo at magbahagi ng katotohanan ng salita ng Diyos nang may pagmamahal at habag.

Ang iba pang babasahing magagamit ng mga *Victory group*, na makakapagbigay ng pangunahing kaunawaan sa pag-aasawa ay ang mga sumusunod:

- *For Better or Worse*
- *A Cord of Three Strands*
- *Managing God's Money*
- *In His Image*

# 1 Hindi Maiiwasan ang Pagtatalo

## WARM-UP

- Sa tingin mo ano ang mga katangian ng isang huwarang pagsasama ng mag-asawa? Sa anong paraan mo nakikita ito sa inyong pagsasama?
- Kapag nagkakaroon ng alitan sa inyong pagsasama, ano ang una mong reaksyon?
- Alalahanin ang mga pagkakataon kung kailan nagkaroon kayong mag-asawa ng hindi pagkakaunawaan. Una mo bang nagiging layunin ay manalo sa pagtatalo o makipag-kasundo sa iyong asawa?

## WORD

24 *Iyan ang dahilan na iiwan ng lalaki ang kanyang ama't ina at makikipag-isa sa kanyang asawa, at silang dalawa ay magiging isa.* 25 *Nang panahong iyon, kahit hubo't hubad silang dalawa, hindi sila nahihiya.* **GENESIS 2:24–25**

*Sa lahat ng hayop na nilikha ng PANGINOONG Diyos, ang ahas ang pinakatuso. Minsan, tinanong ng ahas ang babae, "Totoo bang pinagbabawalan kayo ng Diyos na kumain ng bunga ng alin mang puno sa halamanan?"* **GENESIS 3:1**

(Basahin din ang **GENESIS 3**, **JUAN 10:10**, at **MGA TAGA-EFESO 5:24–25**.)

Maaaring marami sa atin ang pamilyar sa mga salitang ginagamit sa kasal, gaya ng *wedding bells*, *honeymoon*, at ang kilalang linyang nagiging pinakatampok na bahagi ng seremonya: "Maaari mo nang halikan ang iyong asawa." Pinapakasalan ng mga nagmamahalan ang pinakamamahal nila sa buhay. Pinapakasalan ng isang lalaki ang pinapangarap niyang babae, habang pinapakasalan naman ng isang babae ang lalaking magliligtas sa kanya. Maraming mga awitin ng pag-ibig ang isinulat tungkol sa matamis at magandang pagmamahalang ito. Mukhang nangangako ang kasalan ng isang wagas na pag-iibigan.

Ganito ang kalagayan sa simula. Sina Adan at Eva ay parehong *hubo't hubad* at *hindi sila nahihiya*. Nasisiyahan sila sa kanilang pagsasama—espirituwal, emosyonal, pisikal, at sa kanilang relasyon nila sa isa't isa—at sa relasyon nila sa Diyos. Parang perpekto na ang lahat, hanggang dumating ang ahas at nilinlang sila. Nagkasala ang babae, sumunod ang lalaking kasama niya sa pagkakataong iyon. Sa araling ito, susuriin natin kung paano nagsimula ang alitan sa pagsasama ng mag-asawa.

## 1 Hindi maiiwasan ang alitan sa pagsasama ng mag-asawa dahil mayroon tayong kaaway.

*Sa lahat ng hayop na nilikha ng PANGINOONG Diyos, ang ahas ang pinakatuso. Minsan, tinanong ng ahas ang babae, "Totoo bang pinagbabawalan kayo ng Diyos na kumain ng bunga ng alin mang puno sa halamanan?"* **GENESIS 3:1**

(Basahin din ang **GENESIS 3:2–7**.)

Nais ni Satanas na sirain ang disenyo ng Diyos para sa mundo—kasama rito ang pagsasama ng mag-asawa at pamilya. Ang kaaway na ito, ang demonyo, ay dumarating para magnakaw, pumatay at mangwasak (Juan 10:10) sa pamamagitan ng pagsisinungaling at pagpaparatang laban sa iyo, sa iyong asawa, at sa Diyos. "Sinabi ba talaga iyan ng Diyos?" "Talaga bang narinig mo at ng asawa mo ang Diyos?" Dahil sa mga kasinungalingang ito, pinagdududahan natin ang kalooban ng Diyos at nawawalan tayo ng tiwala sa isa't isa. Ito ang dahilan kung bakit hindi maiiwasan ang alitan sa pagsasama ng mag-asawa. Tuwing mayroon kayong hindi pagkakaunawaan ng inyong asawa, naiisip mo ba ang posibilidad na may ikatlong taong nagiging sangkot? Sino ang dapat mong hayaang makaimpluwensya sa iyong isipan at saloobin: ang demonyo o ang Banal na Espiritu?

## 2 Hindi maiiwasan ang alitan sa pagsasama ng mag-asawa dahil sa Pagkakasala ng Tao.

*Sinabi rin niya sa babae, "Dahil sa ginawa mo, dadagdagan ko ang paghihirap mo sa pagbubuntis at mararamdaman mo ang sobrang sakit sa iyong panganganak. Pero sa kabila niyan, hahangarin mo pa rin ang iyong asawa at maghahari siya sa iyo."* **GENESIS 3:16**

(Basahin din ang **GENESIS 3:6–13**.)

Pagkatapos magkasala nina Adan at Eva, nabuksan ang kanilang mga mata sa kasamaan at sa kanilang pagsuway, kahihiyan, at kasalanan. Pinagtaguan nila ang Diyos, ang nagdala sa kanila sa isa't isa, at sinubukan nilang pagtakpan ang kanilang kahihiyan at kasalanan. Sa halip na humingi ng tulong sa Diyos, lumayo sila dahil sa takot. Nang matagpuan sila ng Diyos, sinisi nila ang iba. Sinisi ng lalaki ang babae, at sinisi ng babae ang ahas. Walang gustong umako ng responsibilidad sa kanilang mga ginawa. Nang pumasok ang kasalanan sa mundo, pumasok din ang alitan sa mga relasyon. Sa pagsasama ng mag-asawa, ganito ang sinabi ng Diyos na mangyayari: ang hangarin ng babae ay taliwas sa kanyang asawa, ngunit maghahari ang asawang lalaki sa kanya. Sa tingin mo, bakit mahalagang maunawaan natin na ang mga alitan ng mag-asawa ay bunga ng kasalanan?

## 3 Hindi maiiwasan ang alitan sa pagsasama ng mag-asawa, ngunit maaari itong malutas sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos.

*Pagkatapos, gumawa ang PANGINOONG Diyos ng damit mula sa balat ng hayop para kay Adan at sa asawa nito.* **GENESIS 3:21**

Nagpataw ng hatol ang Diyos sa lalaki at babae dahil sa kanilang kasalanan (Genesis 3:14–19). Ngunit ipinakita rin Niya ang Kanyang pag-aalala sa kanila sa pamamagitan ng paggawa ng damit mula sa balat ng hayop at pagbihis sa kanila. Para takpan ang kanilang kahubaran at kahihiyan, isang inosenteng hayop ang isinakripisyo. Ito ay naglalarawan kung paano tutubusin ng Diyos ang buong sangkatauhan mula sa kasalanan—sa pamamagitan ng sakripisyong kamatayan ng Tupa, si Jesu-Cristo. Ang Kanyang kamatayan ang magbabalik sa atin sa Ama at sa isa't isa. Sa Kanya, nagkakaroon ng kakayahan ang mga asawang babaeng magpasakop sa kanilang asawa at ang mga asawang lalaki ay nagkakaroon ng kakayahang mahalin ang kanilang asawa, gaya ng pagmamahal ni Cristo sa iglesya at paghandog Niya ng Kanyang sarili para sa iglesya (Mga Taga-Efeso 5:24–25). Alalahaning bilang mag-asawang lalaki at babae, kayo ay pinag-isa, sa isang kasunduang kasama ang Diyos. Magkasama, gaya ng lubid na may tatlong pilipit ang hibla, mapagtatagumpayan ninyo ang anumang alitan, problema, o pagsubok sa mundong ito sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo. Paano naaapektuhan ng ating relasyon sa Diyos ang ating relasyon sa isa't isa?

## APPLICATION

- Ano ang bago o kaya ay umangat para sa iyo sa paksang ito? Sa anong paraan ka nahamon o nahikayat?
- Paano makakatulong sa inyong mag-asawa ang mga katotohanang natutunan natin ngayon sa paraan ng pagharap ninyo sa mga alitan o pagtatalo? Ano ang mga maling kaisipan o kalooban na kailangang magbago sa buhay ninyo sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos?
- Sa ating mga natutunan ngayon, ano ang mga praktikal na hakbang na maaari ninyong gawin ngayong linggo para matulungan kayong mag-asawa na harapin ang mga alitan?

## PRAYER

- Ipagpasalamat sa Diyos ang Kanyang biyaya para sa iyo, sa iyong asawa, at sa inyong pagsasama. Ipanalangin na magkaroon ka ng mas malalim na pagpapahalaga sa pag-ibig ng Diyos para sa iyo at sa iyong asawa, para kayong dalawa ay lalong maging tulad ni Cristo araw-araw.
- Ipanalangin na kayo ay magkaisa, bilang magkakampi at magkatuwang, hindi bilang magkaaway, habang kinakaharap ninyo ang anumang hamon o pagsubok sa inyong pagsasama. Humingi ng tulong mula sa Banal na Espiritu para malutas ang anumang alitan.
- Ipanalangin ang proteksyon para sa isa't isa at para sa inyong pamilya. Kilalanin mong mas makapangyarihan si Jesus na nasa inyo kaysa sa nasa mundo.

# 2 Magkasama sa Lahat ng Ito

## WARM-UP

- Masasabi mo bang humaharap ka sa mga komprontasyon? Paano mo madalas inaayos ang mga hindi mo pagkakaunawaan sa iyong asawa?
- Ano ang madalas mong reaksyon tuwing hindi naaayos ang mga alitan sa paraang tingin mo ay dapat masunod, lalo na sa inyong pagsasama?
- Nagtakda na ba kayo ng mga "tuntunin sa pakikipag-ugnayan" sa inyong pagsasama? Sa anong mga paraan ito nakatulong sa iyo?

## WORD

1 *Bilang isang bilanggo dahil sa paglilingkod sa Panginoon, hinihiling kong mamuhay kayo nang karapat-dapat bilang mga tinawag ng Diyos.* 2 *Maging mahinahon kayo, mapagpakumbaba, maunawain at mapagpaumanhin sa mga pagkukulang ng bawat isa bilang pagpapakita ng pag-ibig ninyo.* 3 *Pagsikapan ninyong mapanatili ang pagkakaisa n'yo mula sa Banal na Espiritu sa pamamagitan ng mapayapa ninyong pagsasamahan.* **MGA TAGA-EFESO 4:1–3**

Sa nakaraang aralin, itinakda natin ang hindi maikakailang katotohanang likas na bahagi ng anumang relasyon, at sa konteksyo ng pagsasama ng mag-asawa, ang katotohanang ito ay lalong nagiging kapansin-pansin. Kapag matagal nang nagsasama ang dalawang magkaibang indibidwal, malamang ay makakaranas sila ng mga sitwasyong magdudulot ng kiskisan at sama ng loob. Ngunit mahalagang maunawaan na sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, malulutas ang mga alitan. Ang nagpapabago ng epekto ng mga alitang ito ng mga mag-asawa ay ang pananaw, kaisipan, o disposisyong mayroon tayo tuwing hinaharap natin ang mga ito. Sa pagtanggap natin ng pananaw galing sa Bibliya, hindi lamang natin iniingatan ang ating pagsasama bilang mag-asawa mula sa malalang pagkasira, sinasamantala rin natin ang pagkakataon

para lubos na palaguin ang ating mga sarili at mga relasyon tuwing nagkakaroon ng alitan.

## 1 "Magkakampi tayo."

*[4]Sapagkat iisang katawan lamang tayo na may iisang Banal na Espiritu, at iisa rin ang pag-asang ibinigay sa atin nang tawagin tayo ng Diyos. [5]Iisa ang Panginoon natin, iisang pananampalataya, at iisang bautismo. [6]Iisa ang Diyos natin at siya ang Ama nating lahat. Naghahari siya, kumikilos at nananahan sa ating lahat.* **MGA TAGA-EFESO 4:4–6**

Sa buhay ng mag-asawa, ang prinsipyo ng pagiging kakampi ng isa't isa ay hindi lamang isang nakakaginhawang ideya; ito ay isang pangunahing pundasyon para mapanatili ang pagkakaisa. Tulad ng pagpapa-alala ni apostol Pablo sa mga taga-Efeso na pagsikapang makamit ang pagbibigkis ng kapayapaan sa pamamagitan ng kanilang iisang pananampalataya, Ama, Panginoon, at Espiritu, gayundin ang dapat gawin ng mga mag-asawang lalaki at babae. Dapat nilang kilalaning magkakampi sila at sila ay pinagsama ng Diyos. Tuwing nagkakaroon ng alitan, hindi sila magkalabang may magkaibang panig sa isang isyu; sila ay magkakamping humaharap sa iisang isyu nang magkasama. Sa halip na awayin nila ang isa't isa, dapat silang magtulungan para hingin ang gabay ng Diyos sa paglutas ng bagay na ito. Ang pananaw na ito ay nagpapalago ng paggalang sa isa't isa, epektibong komunikasyon, pagpapakumbaba, at paglutas ng mga problema sa maunawaing paraan. Sa tingin mo, paano ka natulungan ng pananaw na ito sa iyong pagharap sa mga alitan sa inyong pagsasama bilang mag-asawa?

## 2 “Narito ako para palakasin ka nang may pagmamahal.”

*[15]Sa halip, mananatili tayo sa katotohanan nang may pag-ibig, upang sa lahat ng bagay ay maging katulad tayo ni Cristo na siyang ulo ng iglesya. [16]At sa pamumuno niya, ang lahat ng bahagi ng katawan, na walang iba kundi ang mga mananampalataya, ay pinag-uugnay-ugnay, at ang bawat isa’y nagtutulungan. At sa pagganap ng bawat isa sa kani-kanilang tungkulin nang may pag-ibig, ang buong katawan ay lalago at lalakas.* **MGA TAGA-EFESO 4:15–16**

*[25]Mga lalaki, mahalin ninyo ang inyong asawa, tulad ng pagmamahal ni Cristo sa kanyang iglesya. Inihandog niya ang kanyang sarili para sa iglesya [26]upang maging banal ito matapos linisin sa pamamagitan ng bautismo sa tubig at ng salita ng Diyos. [27]Ginawa niya ito para maiharap niya sa kanyang sarili ang iglesya na maluwalhati, banal, walang kapintasan, at walang anumang bahid o dungis.* **MGA TAGA-EFESO 5:25–27**

Sa gitna ng mga alitan ng mga mag-asawa, ang prinsipyo mula sa mga talatang ito tungkol sa pagiging nariyan para palakasin ang iyong asawa sa pamamagitan ng pagmamahal ay mayroong partikular na malalim na kahalagahan. Tuwing nagkakaroon ng mga pagtatalo at hidwaan, alalahanin natin na ang ating layunin ay hindi para manalo sa argumento o para talunin ang kausap. Sa halip, ito ay pagkakataon para sabihin ang katotohanan nang may pagmamahal. Ang ibig sabihin nito ay sa kabila ng init ng pagtatalo, ang komunikasyon ay dapat mayroong katapatan at awa.

Ang layunin ay hindi para wasakin ang isa’t isa, kundi palakasin ang isa’t isa, gaya ng pag-ibig ni Cristo para sa iglesya na inilarawan sa Mga Taga-Efeso 5:25–27. Tinawag ang mga asawang lalaki na mahalin ang kanilang asawa nang may pagsasakripisyo, may paghahangad para sa kanilang kabanalan at paglago. Umaabot ang ganitong pag-

ibig hanggang sa paglutas ng mga alitan, kung saan dapat lutasin ng mga mag-asawa ang kanilang mga isyu nang may hangaring patatagin ang kanilang pagsasama at palaguin ang kanilang pagmamahalang sumasalamin sa pag-ibig ni Cristo para sa Kanyang Iglesya. Dahil dito, tuwing hinaharap natin ang mga pagsubok nang may pananaw na pagpapalakas sa isa't isa sa pag-ibig, ang mga alitang ito ay nagiging pagkakataon para lumago, magkaunawaan, at magkaroon ng mas malalim na pagkakaisa sa ating pagsasama bilang mag-asawa. Paano mo nakita ang karunungan at paglago sa iyong katangian at ugnayan sa iyong asawa sa gitna ng alitan?

## 3 "Hindi ko palalakihin ang galit ko sa iyo."

*[26]Kung magalit man kayo, huwag kayong magkasala. At huwag n'yong hayaan na lumipas ang araw na galit pa rin kayo. [27]Huwag ninyong bigyan ng pagkakataon si Satanas.* **MGA TAGA-EFESO 4:26–27**

Karaniwan lamang na makaramdam ng galit tuwing mayroong alitan, pero gaya ng tinuro sa atin ni apostol Pablo, hindi tayo tinawag na hayaan ang galit na magdala sa atin sa makasalanang gawain. Bukod pa rito, ang pananaw na dapat mayroon tayo ay ang hindi palubhain ang galit natin kundi aktibong harapin ito. Ang pagpapatagal ng pagharap sa galit ay hindi lamang naghihiwalay sa atin mula sa isa't isa, nagbibigay-daan din ito sa mga negatibong saloobing maaaring makasira sa ating relasyon. Bagama't may mga taong kailangang magpalamig ng ulo tuwing may alitan, ang solusyon ay ang pagsisigurong ang pagpapalamig na ito ay hindi magbabalik ng mga nakaraang kamalian o magbibigay-daan para lumago ang mga negatibong damdamin. Sa halip, maaaring maging pagkakataon ito para hanapin ang Diyos

at magpasakop sa Kanya habang inaayos Niya ang ating mga iniisip at mga emosyon. Sa pananaw na ito, paano mo gagamitin ang prinsipyo ng hindi pagpapalaki ng galit sa inyong relasyon?

## 4 "Nangangako akong magpapatawad at makikipagkasundo sa iyo."

*Sa halip, maging mabait kayo at maawain sa isa't isa. At magpatawad kayo sa isa't isa gaya ng pagpapatawad ng Diyos sa inyo dahil kay Cristo.* **MGA TAGA-EFESO 4:32**

Binibigyang-daan ng talatang ito ang malalim na kahalagahan ng pagpapatawad sa isa't isa sa ating pagsasama bilang mag-asawa. Tayo ay hinihimok na maging mabait, maawain, at mapagpatawad sa isa't isa, tulad ng pagpapatawad ng Diyos sa atin sa pamamagitan ni Cristo. Sa pagsasama ng mag-asawa, hindi maiiwasan ang mga alitan at pagtatalo, at minsan, nagkakapalitan ng mga nakakasakit na kilos o salita. Gayunpaman, ang pangakong magpatawad at makipagkasundo ay ang magpapagaling ng mga sugat at magpapanatili ng matibay na samahan ng mag-asawa. Ito ay ang pagkilalang, bilang mga taong hindi perpekto, magkakamali tayo, ngunit binigyan tayo ng Diyos ng kakayahang magkaloob ng biyaya sa ating asawa, gaya ng pagkakaloob Niya ng biyaya sa atin. Isinasaalang-alang ng pananaw na ito ang pagpapatawad at pakikipagkasundo bilang nag-iisang pagpipilian at pagtatapos ng alitan. Ito ay ang pag-unawang anuman ang mangyari, sa biyaya ng Diyos, posible ang pagpapatawad at pakikipagkasundo. Paano mo nakikita ang sarili mong ginagawa ang pangakong ito ng

pagpapatawad at pakikipagkasundo sa inyong pagsasama bilang mag-asawa, lalo na sa mga panahon ng pagsubok?

..........

..........

..........

..........

Tuwing isinasabuhay ng mga mag-asawa ang mga biblikal na kaisipang mababasa sa Kasulatan, naglilikha ito ng kapaligirang nagpapayaman ng pag-ibig, pagkakaisa, at personal na paglago. Ang mga prinsipyong ito ang gagabay sa mga mag-asawa sa mga panahon ng alitan, magpapalago ng pag-ibig na mangingibabaw sa mga pagtatalo, magtatakda ng pagkakaisa, at hihikayat ng personal na paglago sa loob ng pagsasama ng mag-asawa. Sa paraang ito, nagiging oportunidad ang mga alitan para patatagin ang kanilang samahan, na nagbibigay-diin sa hindi nagkukulang na kapangyarihan ng pananampalataya at biblikal na karunungan sa pagpapatibay ng samahan ng mga mag-asawa.

## APPLICATION

- Alin sa apat na saloobing binanggit sa itaas ang karaniwan mong ginagawa sa iyong buhay? Alin para sa iyo ang mahirap na gawing bahagi ng pang-araw-araw mong pamumuhay? Ano ang mga hakbang na dapat mong sundin para magawa ang mga ito?
- Pag-isipan ang mga alitan mo at ng iyong asawa kamakailan lamang. Alin sa mga prinsipyong natutunan mo ngayon ang maaaring makatulong sa inyo upang harapin ang mga isyung ito nang magkasama?
- Ano ang mga kaisipan o saloobing kailangan mong baguhin sa iyong buhay para lalo kang maging tulad ni Cristo at para mas mapabuti ang inyong pagsasama bilang mag-asawa? Buksan ang iyong puso sa Diyos at hingin ang tulong Niya sa mga bahaging ito.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa iyong asawa at sa inyong pagsasama. Ipanalangin na hindi mo ipagwalang-bahala ang pag-ibig na ipinapakita at ipinaparating Niya sa iyo sa pamamagitan ng iyong asawa. Humingi ng tawad para sa mga pagkakataong nasaktan ninyo ang isa't isa.
- Hingin ang biyaya mula sa Diyos upang lumago sa apat na saloobing tinalakay, kahit na nakakaranas kayong mag-asawa ng alitan sa inyong pagsasama. Panghawakan mo ang Kanyang pangako na ang Banal na Espiritung nasa iyo ay patuloy na magbabago ng iyong puso at isip kay Cristo.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng lakas at hangaring magpasakop sa Diyos at sa Kanyang plano para sa iyo at sa iyong asawa nang may pagpapakumbaba. Ipanalangin na patuloy mong maisaisip ang Kanyang salitang nagpapakita ng daang kailangan nating ipamuhay at isaisip.

# 3 Nangungusap na Pagmamahal

## WARM-UP

- Paano mo naipapahayag ang mga pagbabago sa inyong relasyon noong kayo'y nagliligawan pa lang at ngayong mag-asawa na kayo?
- Magbahagi ng isang nakakatawang kwento tungkol sa isang hindi pagkakaintindihan sa inyong pagsasama.
- Magbahagi ng isang pagkakataon kung kailan lubos mong nasaktan ang iyong asawa at pinatawad ka niya. Ano ang naramdamam mo bago at pagkatapos kang mapatawad?

## WORD

[22]*Kaya talikuran n'yo na ang dati ninyong pamumuhay dahil gawain ito ng dati ninyong pagkatao. Ang pagkataong ito ang siyang nagpapahamak sa inyo dahil sa masasamang hangarin na dumadaya sa inyo.* [23]*Baguhin n'yo na ang inyong pag-iisip at pag-uugali.* [24]*Ipakita n'yong binago na kayo ng Diyos at binigyan ng buhay na matuwid at banal katulad ng sa Diyos.* **MGA TAGA-EFESO 4:22–24**

(Basahin din ang **MGA TAGA-EFESO 4:25–32**.)

Komunikasyon ang nagpapanatili ng pagsasamahan sa mga relasyon. Gaano man katagal na kayong kasal—isang buwan, isang taon, o limampung taon, kailangan ninyong bigyan ng pansin ang pakikipag-usap sa isa't isa; hindi ito natural na mangyayari.

May kwento tungkol sa isang lalaking humingi ng tulong mula sa kanyang kapitbahay dahil hindi niya maipasok ang mesa nila sa pintuan. Dumating ang kapitbahay niya at pareho nilang hinila at tinulak ang mesa ngunit hindi nila ito maipasok hanggang sa napagod na sila at tumigil nang gawin ito. Sabi ng kapitbahay sa lalaki, "Imposible ito, hindi natin kailanman maipapasok ang mesa sa loob ng bahay ninyo." Sumagot ang lalaki, "Sa loob? Akala ko gusto mo itong ilabas."

Minsan ay parang ganito ang komunikasyon sa inyong mag-asawa. Maaaring may sinasabi tayong isang bagay, pero iba ang naririnig ng inyong kausap. Sa katunayan, dahil sa mga magkakaibang pananaw na dinadala natin sa ating relasyon, madalas ay naririnig natin ang mga bagay na kailanman ay hindi naman nasabi at hindi naman natin naririnig kung ano ang mga nasasabi.

Ito ay dahil magkaiba ang lalaki at babae, lalo na pagdating sa komunikasyon. Dagdag pa rito, nakakaapekto rin ang pagpapalaki sa atin sa reaksyon natin sa isa't isa. Ang mga dala-dala nating ito sa ating pagsasama ay madalas nagdudulot ng mga pagtatalo at hindi pagkakaintindihan. Paano ba tayo dapat makipag-usap, hindi lamang para makaiwas sa alitan, kundi para maging malinaw ang lahat at para maunawaan ang isa't isa?

Sa kanyang liham sa mga taga-Efeso, inilarawan ni apostol Pablo kung paanong, kay Cristo, tayo ay binabago mula loob hanggang labas. Kasama rito ang pamamaraan natin ng pakikipag-usap sa isa't isa. Inilarawan ni Pablo kung paano natin matatanggal ang mga dati nating gawi at disposisyon at kung paano tayo magkakaroon ng mga bagong saloobin at pagkilos sa paraan ng ating pakikipag-usap sa isa't isa. Layunin nating magkaroon ng mapag-alagang paraan ng pakikitungong nagdudulot ng mas mabuting koneksyon sa isa't isa.

## 1 | Magsabi ng katotohanan at maging tapat.

*Kaya huwag na kayong magsisinungaling. Ang bawat isa'y magsabi ng katotohanan sa kanyang mga kapatid kay Cristo, dahil kabilang tayong lahat sa iisang katawan.* **MGA TAGA-EFESO 4:25**

Hinihikayat tayo ni Pablo na huwag magsinungaling at magsabi ng katotohanan. Kasama sa pagsisinungaling ang pagpapalaki ng mga detalye, pag-iwas sa pag-uusap, pagtago ng katotohanan, at pagsisinungaling. Sa halip, ang pagiging tapat at bukas ay kinakailangan sa epektibong komunikasyon. Ang ibig sabihin ng pagsasabi ng katotohanan ay pagiging bukas na sabihin sa iyong asawa ang lahat ng nararamdaman

mo at naiisip, lalo na ang mga bagay kung saan nahihirapan ka. Kailangan ka ring maging handang akuin ang mga pagkakamali mo at makinig sa tapat na damdamin at opinyon ng iyong asawa, kahit na hindi ka sang-ayon dito. Kapag mayroong alitan, ano ang mga "kasinungalingang" nais ni Satanas na gamitin mo tuwing nakikipag-usap ka sa iyong asawa? Sa tingin mo, bakit partikular niyang ginagamit ito sa iyo?

## 2 | Maging handang lutasin ang alitan.

[26]*Kung magalit man kayo, huwag kayong magkasala. At huwag n'yong hayaan na lumipas ang araw na galit pa rin kayo.* [27]*Huwag ninyong bigyan ng pagkakataon si Satanas.* **MGA TAGA-EFESO 4:26–27**

Sa anumang relasyon, hindi maiiwasan ang mga alitan. Ang paraan natin ng paglutas sa mga alitang ito ay maaaring magdulot ng mas malalang pagtatalo o mas malakas na pagkakabuklod. Madalas, kung mayroong mga isyung mahirap lutasin, maaaring magdulot ito ng galit. Sinasabi sa Bibliya na mayroong dalawang uri ng galit—ang makatuwirang galit at ang hindi makatuwirang galit. Ang makatuwirang galit ay isang mapagmahal na reaksyon sa isang makasalanang asal, habang ang hindi makatuwirang galit ay ang hindi mapagmahal na reaksyon sa mga isyu ninyong mag-asawa.

Ang makatuwirang galit ay ang pagkakaroon ng galit sa isang isyung maaaring makasama sa iyong minamahal. Kung mahal mo ang isang tao, at paulit-ulit silang nagkakasala o nalalagay sa panganib ang inyong relasyon, tama lamang na magkaroon ka ng matuwid na galit, basta harapin mo ito

sa isang mapagmahal na paraan. Ingatan mo na ang iyong makatuwirang galit ay hindi humantong sa makasalanang galit. Magtakda ng panahon kung kailan handa na kayo pareho na harapin ito at isantabi muna ito. Huwag ninyong hayaang manatili ito ng ilang araw upang hindi magkaroon ng pagkakataong makakilos ang demonyo sa inyong buhay. Magbahagi ng isang pagkakataon kung kailan naging makasalanang galit ang iyong makatuwirang galit. Nakipagtalo ka ba para "manalo" o para "lutasin ang alitan"? Paano mo malalaman ang pagkakaiba nito?

## 3 Palakasin mo ang kanyang loob.

*Huwag kayong magsasalita ng masama kundi iyong makabubuti at angkop sa sitwasyon para maging kapaki-pakinabang sa nakakarinig.* **MGA TAGA-EFESO 4:29**

Inutusan tayo ni apostol Pablo na huwag magsalita ng masama at magsabi lamang ng mga salitang nakakabuti. Ang salita ay maaaring maging makapangyarihan. Maaari itong makasakit o magpagaling, magpalakas o makawasak. Tuwing galit tayo, ang mga salita natin ay madalas na nagiging mas masakit kaysa sa intensyon natin. Kailangan nating pag-isipan ang sasabihin natin bago tayo magsalita, lalo na kung galit tayo o masama ang ating loob. Kahit na hindi ka sumasang-ayon sa iyong asawa, respetuhin mo siya. Ang ibig sabihin nito, iwasan mong mang-insulto, manghamak, mamintas, maging sarkastiko, manuya, magbiro nang masakit, magkalat ng tsismis, manirang-puri, at manisi.

Ang mga salitang may layuning manakit, at hindi magpagaling, ay dapat na hindi sabihin. Hindi lamang natin dapat pigilan ang ating mga dila. Kailangan din nating palitan ang mga

mapanirang salita ng mga salitang magpapalakas sa loob ng ating kausap sa panahong kailangan niya ito. Hindi dahil karapat-dapat siyang tumanggap nito, kundi dahil mabuti ang loob ng Diyos, kaya tayo rin ay dapat maging mabuti sa ating pananalita. Anong uri ng hindi mabuting pananalita ang maaari mong masabi tuwing nakikipagtalo ka? Paano sumasagot ang iyong asawa sa ganoong uri ng pagsasalita?

## 4 Maging mabait at maawain.

*[31]Alisin n'yo ang anumang samaan ng loob, galit, pag-aaway, pambubulyaw, paninira sa kapwa, pati na ang lahat ng uri ng masasamang hangarin. [32]Sa halip, maging mabait kayo at maawain sa isa't isa. At magpatawad kayo sa isa't isa gaya ng pagpapatawad ng Diyos sa inyo dahil kay Cristo.* **MGA TAGA-EFESO 4:31–32**

Hangarin mo munang umunawa bago maunawaan. Ang ibig sabihin ng pagiging mabait at maawain ay pag-unawa kung saan nanggagaling ang iyong asawa. Matutulungan ka nitong magkaroon ng mas malalim na koneksyon sa iyong asawa at makakatulong din itong pakalmahin ang mainit na sitwasyon. Dapat tayong makinig nang may intensyong maunawaan ang pananaw ng ating asawa, nang walang panghuhusga o pamumuna. Makapangyarihan itong paraan para palakasin ang inyong pagtitiwala at ugnayan sa isa't isa, at para lutasin ang alitan.

Ilagay mo ang iyong sarili sa kalagayan ng asawa mo. Subukan mong tingnan ang mga bagay sa kanyang pananaw. Buksan mo ang iyong isipan at huwag manghusga. Maging handang unahin ang mga pangangailangan ng iyong asawa bago ang sa iyo. Ang pagiging mabait at maawain ay

talagang makakatulong sa pagpapalago ng inyong relasyon. Magbahagi ng isang pagkakataong nagka-alitan kayong mag-asawa at sinubukan mong makita ang pananaw ng iyong asawa. Ano ang naging resulta? Sa anong praktikal na paraan ka maaaring magpakita ng kabaitan sa iyong asawa?

## 5 Maging mapagpatawad.

*. . . maging mabait kayo at maawain sa isa't isa. At magpatawad kayo sa isa't isa gaya ng pagpapatawad ng Diyos sa inyo dahil kay Cristo.* **MGA TAGA-EFESO 4:32**

Lahat ng tao ay nagkakamali. Intensyon man natin o hindi, nasasaktan natin ang iba, lalo na ang ating asawa. Kapag nasasaktan ka ng iyong asawa, mahalagang maging handa kang patawarin siya. Ang pagpapatawad ay hindi nagsasantabi ng isyu, pero ang ibig sabihin nito ay papakawalan mo ang galit at sama ng loob at hahayaan mo ang Diyos na gumalaw sa iyong puso. Nais ni Satanas na huwag tayong magpatawad at manatiling masama ang loob natin para patuloy tayong magtayo ng mga pader na maghihiwalay sa atin at sa asawa natin.

Ang pagpapatawad ay isang napakagandang paanyaya ng Diyos upang maging mabuti ang iyong loob sa iyong asawa, kahit na pakiramdam mo ay hindi siya karapat-dapat dito. Ang desisyong magpatawad ay ipinapahayag at nagdadala ng pagbabago. Sa pamamagitan ng pagpapatawad, ipinapakita natin ang pagiging tulad ni Cristo at, kasabay nito, parehong nababago ang nagpatawad at pinatawad. Ang tunay na paghingi ng tawad ay nagpapagaling ng mga nasirang relasyon, nagpapatibay ng mga koneksyon sa pamamagitan ng pagpapakita ng kahinaan, at nagbibigay ng mas malalim

na pagka-unawa sa biyaya ni Jesu-Cristo, ang nagpatawad sa atin kahit na hindi tayo karapat-dapat tumanggap nito. Paano mo pinapatawad ang iyong asawa, lalo kung malalim ang iyong sugat? Sa tingin mo, paano ito makikita sa pang-araw-araw mong pamumuhay?

Ang mabuting komunikasyon ay hindi lamang tungkol sa mga salita—tungkol ito sa koneksyon. Sa pamamagitan ng pagiging tapat, pagpapalakas ng loob, at pagiging handang lutasin ang alitan, gayundin ang pagiging maawain at mapagpatawad, mapapalago ninyo ang hardin ng inyong pagsasamahan at mamumunga ito ng pagmamahalan, ligaya, at pag-unawa sa isa't isa. Alalahanin mong kahit sa gitna ng mga pagsubok ng buhay, ang isang harding inalagaan sa komunikasyon ay makakalampas sa anumang pagsubok, at magiging mas matibay pa.

## APPLICATION

- Magbahagi ng isang pagkakataon kung kailan nilapitan ka ng iyong asawa para sabihin ang isang "masakit na katotohan nang may pagmamahal" at kung paano nalutas ang inyong alitan. Ano ang naging reaksyon mo? Ano ang naging reaksyon niya?
- Paano mo personal na nilulutas ang mga alitan at pagtatalo ninyong mag-asawa? Ano ang mga paraang maaari mong gawin para patatagin ang iyong asawa kahit na hindi kayo nagkakasundo? Ano ang mga praktikal na bagay na maaari mong gawin para maiwasan ang pamimintas sa iyong asawa?
- Ano ang mga aspeto ng mabuting komunikasyon ang kailangan ninyong pagbutihan bilang mag-asawa? Ano ang mga praktikal na hakbang na maaari mong gawin para lumago sa aspetong ito?

## PRAYER

- Ipanalangin na magkaroon ka ng karunungan at katapangang magsabi ng katotohanan nang may pagmamahal tuwing tinatalakay ninyo ang mga isyung kailangang pag-usapan.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng kakayahang gumamit ng mga salitang magpapalakas ng loob sa halip na mga salitang maaaring sumira sa iyong asawa at sa inyong pagsasama.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng mas malalim na pagkaunawa at malasakit sa iyong asawa para lalo mo siyang maintindihan.

# 4 Mga Bagay tungkol sa Salapi

## WARM-UP

- Ano ang pinakamahal na bagay na binili ninyong mag-asawa?
- Pagdating sa pera, sino sa inyong mag-asawa ang mas nagtitipid at sino ang mas gumagastos?
- Ano ang mga pinansyal na mithiin ninyong mag-asawa?

## WORD

*Iyan ang dahilan na iiwan ng lalaki ang kanyang ama't ina at makikipag-isa sa kanyang asawa, at silang dalawa ay magiging isa.* **GENESIS 2:24**

(Basahin din ang **MGA TAGA-EFESO 4:25**, **KAWIKAAN 24:3–4**, at **MGA TAGA-FILIPOS 4:19**.)

Ang isa sa mga sanhi ng alitan sa pagsasama ng mag-asawa ay ang pamamahala at paghawak sa salapi. Maraming tao ang magsasabing ang pera ang isa sa mga pangunahing dahilan ng hiwalayan. Dahil dito, mahalaga para sa mga mag-asawang matutunan kung paano ito magagamit nang may karunungan. Tinawag tayo ng Diyos bilang mabuting katiwala ng mga yamang ipinagkaloob Niya sa atin, at totoo rin ito sa pagsasama bilang mag-asawa, habang sila ay namumuhay nang magkasama. Ngayong araw, titingnan natin ang ilang mahahalagang prinsipyo tungkol sa paghawak sa salapi sa pagsasamahan ng mag-asawa.

## 1 Panatilihin ang pagkakaisa.

*Iyan ang dahilan na iiwan ng lalaki ang kanyang ama't ina at makikipag-isa sa kanyang asawa, at silang dalawa ay magiging isa.* **GENESIS 2:24**

Ang pag-aasawa ay isang tawag para sa pagkakaisa ng asawang lalaki at babae. Umaabot ang pagkakaisang ito sa lahat ng bagay tungkol sa salapi. Kasama rito ang pagtatrabaho para kumita ng salapi, pamamahala sa budget ng pamilya, mga nakaugaliang paggastos, at pag-iwas sa utang. Mahalaga na malayang mapag-usapan at magkasamang ayusin ang paggamit ng salapi. Ang mag-asawa ay dapat na mag-usap tungkol sa mga pinansyal na desisyon, magtakda ng budget, at magkasamang gumawa ng mga planong pinansyal. Dapat silang magkasundo sa mga mahahalagang punto kung paano nila maaabot ang pagkakaisa sa kanilang desisyong pinansyal. Pagdating sa inyong pananalapi, ano sa tingin mo ang mga estratehiyang magiging mainam para sa iyo at sa iyong asawa upang mapagbuti ninyo ang pagkakaisa sa inyong pagsasama?

## 2 Pahalagahan ang pagiging tapat at malinaw.

*Kaya huwag na kayong magsisinungaling. Ang bawat isa'y magsabi ng katotohanan sa kanyang mga kapatid kay Cristo, dahil kabilang tayong lahat sa iisang katawan.* **MGA TAGA-EFESO 4:25**

Ang mahalagang aspeto sa paghawak ng salapi ay ang katapatan at kaliwanagan. Tinawag tayo ng Diyos na magsabi ng katotohanan sa iba, ang utos na ito ay mas mahalagang masunod sa pagsasama ng mag-asawa. Ang mga sikreto,

lalo na sa aspeto ng salapi, ay walang lugar sa buhay ng mag-asawa.

Maging tapat sa isa't isa tungkol sa inyong mga sitwasyong pinansyal, mga utang, at mga nakaugaliang paggastos. Mag-usap at magkasundo. Ang epektibong komunikasyon ay mahalaga sa pag-aasawa at sa mga pinansyal na bagay. Sa mga simpleng bagay man o sa mga seryosong bagay, mabuting sanaying magkaroon ng bukas na komunikasyon sa isa't isa. Ano ang mga hakbang na maaari mong gawin para magkaroon ng katapatan at kaliwanagan sa inyong relasyon?

## 3 Hangarin ang karunungan ng Diyos.

*[3–4]Sa pamamagitan ng karunungan, maitatayo mo at mapapaunlad ang iyong tahanan. Mapupuno rin ito ng mahahalagang kayamanan.* **KAWIKAAN 24:3–4**

Ang paghahangad sa karunungan at gabay ng Diyos ay pangunahin sa pag-aasawa at pananalapi. Kapag hinahangad natin ang karunungan ng Diyos, nauunawaan natin na ang pananalaping ipinagkaloob ng Diyos ay ipinagkatiwala Niya sa atin at tinawag Niya tayo na gamitin ito nang tama. Ang paggawa ng plano bilang mag-asawa ay isang matalinong gawain sa paghawak ng pananalapi. Mabuting magkaroon ng pangarap o pangitain sa hinaharap para sa iyong pamilya, pero dapat ay mayroon din itong plano. Ayon sa Kawikaan 14:15, *ang taong marunong umunawa ay pinag-iisipan ang kanyang napakinggan*. Kailangang mayroong pinansyal na mithiin ang mga mag-asawa at dapat ay magkasama silang magtrabaho para pagplanuhan ang kanilang kinabukasan, kasama rito ang paglalaan ng pera para sa panahon ng kagipitan, pagreretiro, at iba pang pangangailangan. Ang pangunahing nasa isipan natin habang inaayos natin ang

ating mga pinansyal na mithiin ay ang pag-unawang hindi lamang pera ang ipinagkatiwala sa atin ng Diyos, kundi yaman, kasaganahan, at kaunlaran. Ano ang itinuturo sa inyo ng Diyos tungkol sa pananalapi sa kasalukuyang panahon sa inyong pagsasama.

## 4 Magtiwala sa Diyos bilang Tagapagbigay ng mga pangangailangan ninyo.

*At dahil kayo'y nakay Cristo Jesus, ibibigay sa inyo ng aking Diyos ang lahat ng pangangailangan n'yo, mula sa kasaganaan ng kayamanan niya.* **MGA TAGA-FILIPOS 4:19**

Nagiging isyu ang pera kapag hindi natin nakikita ang Diyos bilang pinanggagalingan ng probisyon at kasaganahan sa ating tahanan. Ipinapaalala ng Mga Taga-Filipos 4:19 na ang Diyos ang nagbibigay ng *lahat ng pangangailangan n'yo*. Maaari tayong magtiwala sa Diyos bilang pinanggagalingan ng kasaganahan dahil kilala natin kung sino Siya. Maaari tayong lumago bilang mag-asawa sa ating pagtitiwala at pananampalataya sa Diyos, dahil Siya ang ating masaganang pinagkukunan. Sa ating pag-unawa sa katotohanang ito, magkasama nating parangalan ang Diyos gamit ang ating mga salapi. Naiintindihan din nating ang isang layunin ng ating kayamanan ay hindi lamang para sa ating kapakanan, kundi pati na rin magamit tayo ng Diyos para maging pagpapala sa ibang tao. Nagtitiwala ka ba sa Diyos bilang pangunahing nagkakaloob ng iyong yaman? Paano mo mapapalago ang iyong pagtitiwala sa Diyos?

## APPLICATION

- Paano mo mapapanatili at mapapalago ang pagkakaisang mayroon kayong mag-asawa?
- Pag-usapan ninyong mag-asawa ang mga aspeto kung saan kailangan ninyong maging matapat para magkaroon kayo ng kaliwanagan at katapatan.
- Ano ang isang pinansyal na mithiin ninyong mag-asawa? Paano mo mapapalago ang inyong pagtitiwala sa Diyos sa pagtupad ng mithiing ito?

## PRAYER

- Hingin sa Diyos na palakasin Niya ang ugnayan mo sa Kanya at sa iyong asawa sa aspeto ng pagkakaisa, katapatan, at kaliwanagan, lalo sa aspeto ng inyong pamamahala sa inyong pananalapi.
- Ipanalangin na patuloy kang magtiwala sa Diyos bilang pinanggagalingan ng probisyon. Humingi ng kapatawaran sa Diyos kung may iba kang mga bagay na pinanghahawakan sa halip na panghawakan ang sagana Niyang biyaya.
- Ipanalangin ang mga plano at kalooban ng Diyos para sa pinansyal na pinagkukunan ng inyong pamilya. Humingi ng kakayahan mula sa Diyos para maging daluyan ka ng biyaya sa ibang tao habang nagbibigay Siya ng karunungan sa inyong mag-asawa kung paano pangalagaan ang Kanyang yaman.

# 5 Isang Pagsasamang Hindi Matitinag

## WARM-UP

- Paano mo madalas ipinapakita ang pagmamahal mo sa iyong asawa? Sa anong mga paraan mo gustong mahalin ng iyong asawa?
- Ano ang ginagamit mo para pagsamahin ang mga bagay? Mas gusto mo bang gumamit ng mga bagay na magkakahiwalay, *binder*, o *adhesive*? Bakit?
- Ano ang mga bagay na hindi mo maaaring maiwan kapag aalis ka? Bakit mahalaga ang mga ito para sa iyo?

**WORD** *Iyan ang dahilan na iiwan ng lalaki ang kanyang ama't ina at makikipag-isa sa kanyang asawa, at silang dalawa ay magiging isa.* **GENESIS 2:24**

(Basahin din ang **1 CORINTO 7:3–5.**)

Ang intimasiya (*intimacy*) sa pagsasama ng mag-asawa ay isang malalim at makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mag-asawang lalaki at babae. Sinasakop nito ang pisikal, emosyonal, pakikipag-ugnayan, at ang pinakamahalaga, ang espirituwal na intimasiya. Inilalarawan ng Bibliya ang pag-aasawa bilang dalawang taong *naging isa*, ang intimasiya ay mahalaga sa pagsasama ng mag-asawa. Isang malaking aspeto ng intimasiya ang pisikal o sekswal na intimasiya. Bilang mag-asawang lalaki at babae, paano ba natin dapat tingnan ang sekswal na intimasiya sa ating pagsasama?

### 1 Ang sekswal na intimasiya ng mag-asawa ay ideya ng Diyos.

*5 "'Dahil dito, iiwan ng lalaki ang kanyang ama at ina, at magsasama sila ng kanyang asawa. At silang dalawa ay magiging isa.' 6 Hindi na sila dalawa kundi isa na lang. Kaya hindi dapat paghiwalayin ng tao ang pinagsama ng Diyos."*
**MATEO 19:5–6**

Ang Diyos ang may-akda ng pag-aasawa. Nang tinawag Niya ang dalawang tao, isang lalaki at isang babae, upang magsama bilang mag-asawa, inihayag Niyang sila ay iisa na. Hindi lamang ito nangangahulugan ng pisikal na katuparan ng pagsasama o sekswal na pagtatalik, ito rin ay nangangahulugan ng pagiging isa sa espiritu. Binigkas ito ni Jesus mula sa Genesis 2:24 noong nakikipag-usap Siya sa mga Pariseo tungkol sa pag-aasawa. Ipinahiwatig Niyang ito ang orihinal na disenyo at intensyon ng Diyos para sa pag-aasawa. Sa tingin mo, bakit dinisenyo ng Diyos ang pag-aasawa para lamang sa isang lalaki at isang babae?

## 2 Ang sekswal na intimasiya ng mag-asawa ay malinis at walang bahid.

*24 Iyan ang dahilan na iiwan ng lalaki ang kanyang ama't ina at makikipag-isa sa kanyang asawa, at silang dalawa ay magiging isa. 25 Nang panahong iyon, kahit hubo't hubad silang dalawa, hindi sila nahihiya.* **GENESIS 2:24–25**

Sa konteksto ng pag-aasawa, ang sekswal na intimasiya ay isang magandang regalo mula sa Diyos na para sa kasiyahan ng mag-asawang lalaki't babae. Walang dapat ikahiya sa gawaing ito. Kapag ang sekswal na intimasiya ay nasa loob ng disenyo ng Diyos, ito ay malinis at banal. Bilang mag-asawang lalaki at babae, dapat din nating panatilihing malinis at banal ang ating pisikal na pagsasama (Mga Hebreo 13:4). Kay Cristo, lahat tayo ay binago. Patuloy tayong mabuhay ayon sa pamamaraan ng Diyos at huwag natin hayaan ang anumang gawain o kasalanan (pornograpiya, sekswal na imoralidad, pangangalunya) na sumira ng ating pagsasama. Paano sinasalamin ng kalinisan ng pagsasama ng mag-asawa ang likas na katangian ng Diyos?

## 3 Ang sekswal na intimasiya ng mag-asawa ay sumasaklaw sa ating buong pagkatao.

*[28]Kaya dapat mahalin ng lalaki ang asawa niya tulad ng pagmamahal niya sa kanyang sarili. Sapagkat ang nagmamahal sa kanyang asawa ay nagmamahal sa kanyang sarili. [29–30]Walang taong nasusuklam sa sariling katawan, sa halip, pinapakain niya ito at inaalagaan. Ganito rin ang ginagawa ni Cristo sa atin dahil bahagi tayo ng kanyang katawan na tinatawag na iglesya.* **MGA TAGA-EFESO 5:28–30**

Ang sekswal na pagsasama ng mag-asawang lalaki at babae ay dinisenyo at inordena ng Diyos, kung kaya't ito ay banal at malinis. Ang pagiging isa ay tumutukoy sa personal na pagsasama ng isang lalaki at isang babae sa lahat ng antas ng kanilang buhay. Ang pagtatalik ay isang gawaing nagbubuklod sa dalawang tao.

Ang salin ng *The Message* sa 1 Corinto 6:16 ang pinakamagandang paglalarawan dito. Narito ang pagsasalin sa Filipino mula sa salin ng *The Message*: Ang pagtatalik ay higit pa sa pagdidikit ng balat. Ang pagtatalik ay isang misteryong espirituwal at pisikal na katotohanan. Gaya ng itinala sa Kasulatan, "*Silang dalawa'y magiging isa*." Ang sekswal na intimasiya ay sumasaklaw sa ating mga katawan, emosyon, isipan, kaluluwa, at espiritu. Ang pagtatalik ay ang pamamaraan ng Diyos para pag-isahin ang isang lalaki at isang babae sa pag-aasawa para sabihin sa isa't isa, 'Ako ay sa iyo, buong-buo, permanente, at bukod-tanging sa iyo.' Kung matatagpuan ang kabuuan sa pagtatalik sa loob ng pagsasama ng mag-asawa, sa tingin mo paano naaapektuhan ang isang tao ng pakikipagtalik sa isang taong hindi niya asawa?

## 4 Ang sekswal na intimasiya ng mag-asawa ay nagpapalakas sa nagbubuklod sa mag-asawa.

*Iyan ang dahilan na iiwan ng lalaki ang kanyang ama't ina at makikipag-isa sa kanyang asawa, at silang dalawa ay magiging isa.* **GENESIS 2:24**

Ang pag-aasawa ay ang pagsasama ng dalawang tao. Ang pagtatalik at intimasiya ang nagpapalakas ng pagbubuklod na ito. Ito ay parang isang malakas na pandikit (*superglue*) na nagdidikit sa mga bagay-bagay. Bumubuo sila ng isang bagay na ganap na bago. Ang intimasiya ay hindi para sa katuparan ng pansariling kapakanan, kundi ito ay para sa pagbibigay ng saya at pagmamahal sa iyong asawa (1 Corinto 7:3–5). Dinisenyo ng Diyos ang pisikal na gawain ng sekswal na intimasiya para palakasin ang pagkakabuklod ng mag-asawa. Paano mo ito naranasan sa sarili ninyong pagsasama ng asawa mo? Paano inilalarawan ng Kawikaan 5:18–19 ang intimasiya sa loob ng pagsasama ng mag-asawa?

*Binasbasan niya sila at sinabi, "Magpakarami kayo para mangalat ang mga lahi ninyo at mamahala sa buong mundo. At pamahalaan ninyo ang lahat ng hayop."* **GENESIS 1:28**

Nilikha at dinisenyo ng Diyos ang pag-aasawa at ang sekswal na intimasiya. Gaya ng sinabi ng Diyos kina Adan at Eva na magpakarami para mangalat ang kanilang lahi, nagbibigay ng luwalhati sa Diyos sa lahat ng bagay, ang sekswal na intimasiya sa loob ng pagsasama ng mag-asawa ay nagbibigay-luwalhati sa Diyos.

## APPLICATION

- Paano ka natutulungan ng araling ito upang magkaroon ng mabuting kaisipan at pananaw tungkol sa pagtatalik sa pagsasama ng mag-asawa?
- Komportable ba kayong mag-asawa na pag-usapan ang sekswal na intimasiya? Paano mabubuksan ng araling ito ang mga ganitong pag-uusap para mapalakas ang inyong ugnayan?
- Ayon sa napag-aralan natin ngayon, ano ang mga paraan para mapanatili ninyong mag-asawa ang isang mabuti at masayang sekswal na ugnayan?

## PRAYER

- Ipagpasalamat sa Diyos ang sekswal na intimasiya sa inyong pagsasama na nakakatulong upang ikasiya at mapalakas ninyo ang inyong relasyon.
- Humingi sa Diyos ng biyaya at mabuting kaisipan para mapanatiling malinis at banal ang inyong pagsasama at intimasiya. Kung kinakailangan, maging mapagpakumbaba, magsisi, at humingi ng kapatawaran sa Diyos kung may panahon mang lumihis ka sa disenyong itinakda ng Diyos tungkol sa pakikipagtalik at pag-aasawa.
- Ipanalangin na habang sumusunod ka kay Cristo at namumuhay sa Espiritu, nawa'y patuloy na palakasin ng Diyos ang pagsasama ninyong mag-asawa at tulungan kayong ikasiya at patatagin ang inyong ugnayan.

# 6 Biyenan, Hindi Kalaban

## WARM-UP

- Mahilig ka bang magtago ng mga bagay na mayroon ka noong bata ka? Ano ang dahilan kung bakit mo tinatago o tinatapon ang mga bagay na ito?
- Ano ang ilan sa mga tradisyon ng inyong pamilya? Gaano kahalaga ang mga ito sa iyo?
- Sa anong paraan mo gustong makilala ang inyong pamilya (halimbawa: isang pamilyang mahilig makipagsapalaran o mahilig sa masaya pero mapanganib na aktibidad, mapagbigay na pamilya)? Bakit?

## WORD

*Iyan ang dahilan na iiwan ng lalaki ang kanyang ama't ina at makikipag-isa sa kanyang asawa, at silang dalawa ay magiging isa.* **GENESIS 2:24**

Para sa asawang lalaki at asawang babae, ang pag-aasawa ay nagbibigay ng bagong kahulugan pagdating sa kanilang katapatan, debosyon, pagmamahal, intimasiya, at mga inuuna sa buhay. Ito ay nakabuod sa prinsipyo ng pag-iwan at pakikipag-isa na makikita sa talata sa itaas—*silang dalawa ay magiging isa*.

Ngunit kapag nagpakasal ka na, ikaw din ay nagiging bahagi ng isa pang pamilyang may sariling mga tuntunin. Ang pag-unawa sa mayamang kultura ng mga Asyano, kung saan pamilya ang nasa puso ng ating pagkakakilanlan, ang pakikipag-ugnayan sa mga biyenan at iba pang mga kamag-anak ay isang maselang pagbabalanse na nangangailangan ng kaalaman sa kultura at ng hindi kumukupas na mga katotohanang galing sa Bibliya. Paano mo sisimulan ang sarili mong pamilya sa pamamagitan ng "pag-iwan at pakikipag-isa" habang inuunawa at nirerespeto rin ang mga inaasahan sa iyo ng iyong mga kamag-anak kung ito ay makatuwiran? Ang sumusunod ay mga prinsipyong galing sa Bibliya na maaaring magamit sa ating lokal na konteksto at makakatulong sa paggabay sa atin sa mga maseselang isyu tungkol sa mga kamag-anak.

## 1 *Paggalang*: Magbigay dangal at respeto.

*[2]"Igalang n'yo ang inyong ama't ina." Ito ang unang utos na may kasamang pangako. [3]At ito ang pangako, "Giginhawa ka at hahaba ang buhay mo rito sa lupa."* **MGA TAGA-EFESO 6:2–3**

Para sa mga Asyano, ang pagbibigay dangal at respeto sa mga nakakatanda ay malalim na nakaugat sa ating kultura. Gayundin, binibigyang-diin sa Bibliya ang utos na magbigay ng dangal sa ating mga magulang. Habang ipinapakita natin ang respetong ito sa ating mga biyenan at mga kamag-anak, maipapakita natin ang pagpapakumbaba at makikilala natin ang kahalagahan ng kanilang karunungan at karanasan.

Habang mainam na humingi tayo ng gabay mula sa mga nakakatanda, alalahanin nating ikaw at ang iyong asawa ang magkakampi. Isagawa ang matapat na komunikasyon sa iyong asawa para siguruhing magkasama ninyong gagawin ang mga desisyon. Magtakda kayo ng mga tamang hangganan, kilalanin ninyo ang karunungan ng inyong mga biyenan habang iginigiit ninyo ang inyong pagsasarili at pagkakaisa bilang mag-asawa.

Ang pagpapahintulot sa inyong mga biyenan na paghiwalayin, manipulahin, o kontrolin kayo, o pagpayag na sila ang masusunod sa inyong pagsasama ay hindi pagpapakita ng pagmamahal o respeto. Minsan, ang pinakamarangal na sagot ay ang magalang at matatag na pagsabi ng, "Hindi po." Napagkasunduan na ba ninyo ang mga hangganan pagdating sa inyong mga kamag-anak? Ibahagi ang mga ito sa grupo at ang mga hamong kinakaharap mo sa pagtakda ng mga ito sa pagsasama ninyong mag-asawa.

## 2 *Obligasyon*: Sanayin ang responsibilidad.

*Ang sinumang hindi kumakalinga sa sariling kamag-anak, lalo na sa sariling pamilya ay tumatalikod sa pananampalataya at masahol pa sa mga hindi mananampalataya.* **1 TIMOTEO 5:8**

Sa kultura ng mga Pilipino, ang *obligasyon* ay may kaakibat na responsibilidad at pagbabayad ng utang na loob sa mga taong tumulong sa atin. Bilang mga Kristiyano, tinawag tayong magpakita ng pagpapahalaga sa ating mga magulang at mga kamag-anak. Sa pamamagitan ng pagtanggap sa espiritu ng responsibilidad at pagpapasalamat, maaari nating mapalago ang ating mga positibong ugnayan sa ating mga biyenan at mga kamag-anak, at ang pagkilala natin sa kanilang papel sa paghubog ng ating buhay.

Kapag nagsimula na tayong magtrabaho, kadalasan ay inaasahan na tayong tumulong sa pagpapaaral ng mga kapatid natin o sa pag-aalaga ng ating mga magulang kapag sila ay nagretiro na. Gayunpaman, mahalagang makita natin kapag ito ay naging isa nang mabigat na pasanin. Ang maling pananaw sa responsibilidad ay maaaring makasira sa pagsasama ng mag-asawa at makahadlang sa personal na paglago.

Maaaring pag-usapan ninyong mag-asawa kung paano kayo makakatulong sa inyong mga kamag-anak, lalo na kung matindi ang kanilang pangangailangan. Hindi ito dapat diktahan ng inyong mga biyenan. Ito ay pagpapahayag ng obligasyon at utang na loob na hindi lalagpas sa mga hangganang itinakda ng mag-asawa. Makakatulong ito para maiwasan ang pinsala at abusong makagalit sa iyong asawa at sa iyong mga biyenan. Subukan ninyong tumulong sa abot ng inyong makakaya, kung kayo ay sinabihan ng Diyos at kung kayo ay nagkasundo. Paano kayo nagpahayag ng

responsibilidad o obligasyon sa inyong mga magulang at mga biyenan?

## 3 *Pakikisama*: Sanayin ang pagkakaisa at pakikisama.

*Mamuhay kayo nang mapayapa sa isa't isa. Huwag kayong magmataas, sa halip ay makipagkaibigan kayo sa mga taong mababa ang kalagayan. Huwag kayong magmarunong.* **MGA TAGA-ROMA 12:16**

Sa isang mag-anak, may iba't ibang personalidad, kagustuhan, at papel na ginagampanan. Sa halip na isipin ang pagkakasunod-sunod ng mga posisyon, isaalang-alang ang mga natatanging galing at kontribusyon ng bawat miyembro. Hinihikayat tayo ng Bibliya na mamuhay *nang mapayapa sa isa't isa*, nagpapakita ng pagpapakumbaba at kagustuhang makipag-ugnayan sa lahat ng tao. Tanggapin ang pagkakaiba-iba ng bawat miyembro gaya ng pagkagusto ninyo sa iba't ibang lasang nagsasama-sama sa isang masarap na handaan. Ang pagpapakumbaba ay makakatulong sa atin na unahin ang ating mga ugnayan bago ang mga maliliit na iritasyon.

Sa pamamagitan ng *pakikisama*, maaari nating pagyamanin ang sitwasyon kung saan nararamdaman ng ating mga kamag-anak na sila ay kabilang, nauunawaan, pinakikisamahan, at minamahal. Kasabay nito, kailangan din nating isipin na itinatakda natin ang pamantayan, kultura, at pagkakakilanlan ng ating pamilya.

Kung tatanggapin natin ang pagkakaisa, pagsasaluhan ang bawat kaligayahan at kalungkutan, iiwasan ang mga hindi kinakailangang drama, at sisikaping humanap ng pagkakasunduan, makakalikha tayo ng kalagayan kung

saan tumitibay ang pagkakabuklod at lumalago ang pagmamahalan. Alalahanin nating ang bawat miyembro ng pamilya ay isang natatanging sangkap na nagdaragdag ng disenyo sa sama-sama nating pamumuhay. Paano mo aktibong mahahangad ang pagkakaisa sa halip na pakikipagpaligsahan sa iyong mga kamag-anak? Balikan ang isang pagkakataon kung kailan naging hadlang sa pagkakaisa ang mga naiisip mong paniniwala. Paano kaya mababago ng pagpapakumbaba ang sitwasyong ito?

Sa pagkilala sa kahalagahan ng kultura habang itinataguyod ang pagsasarili, maaaring maparangalan ng mag-asawa sa kanilang pamilya habang inuuna ang kanilang pagsasama. Ang ideya ng pag-iwan at pakikipag-isa ang nagpapahintulot sa mga mag-asawang magtatag ng bagong pagkakakilanlang nakaugat sa pagmamahal, pagkakaisa, at pagpapatawad para sa kanilang pamilya. Lilikha ito ng malakas at lumalagong mga ugnayan na magsisilbing pamana para sa mga susunod na henerasyon. Habang tinatahak ng mag-asawang Asyano ang paglalakbay na ito sa buhay, makakahanap sila ng kaligayahan sa banal na disenyo ng pagsasama para sa mag-asawa at sa mga biyayang dala ng pag-iwan at pakikipag-isa ayon sa perpektong plano ng Diyos.

## APPLICATION

- Ano ang pinakamalaki mong isyu sa iyong mga biyenan at bakit? Paano makakatulong ang mga prinsipyong natutunan mo ngayon para tulungan kang harapin ang mga ito?
- Alin sa mga prinsipyong tinalakay ngayon ang gusto ninyong matutunan bilang mag-asawa? Ano ang mga praktikal na hakbang na maaari mong gawin na naaayon sa mga ito?
- May mga panahon ba kung kailan naramdaman mong naging pabigat at hindi naging kaligayahan ang pakikipag-ugnayan mo sa iyong pamilya o mga kamag-anak? Paano mo ito nalutas?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa mga pamilyang pinanggalingan ninyo at sa inyong mga kamag-anak. Ipanalangin na magkaroon kayo ng karunungan sa pagtakda ng mga tamang hangganang magbibigay-dangal sa kanila habang pinapanatili ninyo ang inyong pagkakakilanlan at mga pinahahalagahan.
- Ipanalangin na matukoy at maalis ninyo ang mga pabigat na naidulot sa inyo ng inyong mga kamag-anak. Ipanalangin na magkaroon kayo ng kakayahang pag-usapan ito nang tama. Kung kinakailangan, patawarin ninyo sila at hingin sa Diyos ang biyayang maibalik ang ugnayan mo sa kanila.
- Ipanalangin na magkaroon kayo ng mas matatag na koneksyon sa inyong mga kamag-anak para kayo ay maging asin at ilaw para sa kanila. Ipanalangin na maging patotoo ang iyong pagsasama ng biyaya at pag-ibig ng Diyos sa inyong pamilya.

*[5]"'Dahil dito, iiwan ng lalaki ang kanyang ama at ina, at magsasama sila ng kanyang asawa. At silang dalawa ay magiging isa.' [6]Hindi na sila dalawa kundi isa na lang. Kaya hindi dapat paghiwalayin ng tao ang pinagsama ng Diyos."* **MATEO 19:5–6**

Ang pag-aasawa ay ideya ng Diyos, kung saan pinag-iisa Niya ang dalawang tao sa pag-ibig at pagsasama. Itinakda Niya ang pag-aasawa bilang isang ugnayan kung saan mapag-iisa ang isang lalaki at isang babae upang tuparin ang layunin ng Kanyang kaharian. Sa relasyong ito, nagiging isa ang dalawang tao at nangangako ng katapatan sa kanilang pagmamahal sa isa't isa. Ngunit dahil sa kasalanan, lumihis ang tao sa orihinal na disenyo ng Diyos, na nagdulot ng alitan sa lahat ng uri ng mga relasyon, kabilang na ang relasyon ng mag-asawa.

Ang ***To Have and to Hold*** ay isang babasahin kung saan pag-aaralan natin ang mga pangunahing katuruan ng Bibliya tungkol sa paglutas sa alitan ng mag-asawa nang nagbibigay-diin sa kahalagahan ng paglagay sa Diyos sa sentro ng relasyon kabilang na rin ang komunikasyon, pagpapatawad, at pagiging di-makasarili. Nawa'y makatulong ang materyal na ito na palalimin ang ating pananampalataya at bigyan tayo ng bagong pananaw para matulungan tayong harapin ang mga pagsubok sa paraang magbibigay karangalan sa Diyos at magpapatatag ng ating pagsasama bilang mag-asawa. Nawa'y palaguin nito ang pag-ibig na nag-uugat sa pananampalataya na aakay sa mga tao patungo sa Diyos at magdadala sa relasyon ng mag-asawa pabalik sa Kanyang orihinal na disenyo.

## TOPICS

- Hindi Maiiwasan ang Pagtatalo
- Magkasama sa Lahat ng Ito
- Nangungusap na Pagmamahal
- Mga Bagay tungkol sa Salapi
- Isang Pagsasamang Hindi Matitinag
- Biyenan, Hindi Kalaban

EVERY NATION
PRODUCTIONS